Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG SETYEMBRE 4, 2006, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:50 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS ......... PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo

Kgg. Narciso A. Cayos ......... Kagawad
Kgg. Jun M. Asinas ......... Kagawad
Kgg. Roselon F. Pamatmat ......... Kagawad
Kgg. Alan T. Pamatmat ......... Kagawad
Kgg. Virgilio T. Ciriaco ......... Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Serafin C. San Juan, Jr. ......... Kagawad
Kgg. Alden A. Sulit ......... Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay
Kgg. Mike Jomel M. Ombico ......... Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan

DI-DUMALO

Kgg. Bryan R. Lateo ......... Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 136-T'06

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 35-T'06 / KAUTUSAN SA LAANG GUGULIN BLG. 02-T'06 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG JASAAN NA NAGDARAGDAG NG LAANG GUGULING NAGKAKAHALAGA NG TATLUMPUNG LIBO APATNARAAN DALAWAMPU'T LIMANG PISO AT DALAWAMPU'T LIMANG SENTIMOS (P30,425.25) MULA SA MONETIZATION NG BARANGAY INTERNAL REVENUE ALLOTMENT (IRA) UPANG ILAAN PARA SA CASH GIFT NG SANGGUNIANG BARANGAY AT MGA KATULUNGIN (P11,000.00), GASTOS SA SEMINAR (P16,383.00) AT SA 10% SANGGUNIANG KABATAAN FUND (P3,042.52) NG NABANGGIT NA BARANGAY.

SAPAGKA'T, may pinagtibay ang Sangguniang Barangay ng Jasaan sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 35-T'06 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 02-T'06 na nagdaragdag ng laang guguling nagkakahalaga ng P30,425.25 mula sa monetization ng Barangay IRA upang ilaan para sa cash gift ng Sang. Brgy. at mga katulungin (P11,000.00), gastos sa seminar (P16,383.00) at sa 10% Sang. Kabataan fund (P3,042.52) ng nabanggit na barangay;

SAPAGKA'T, ito ay dumaan sa pagsusuri ng mga kasapi ng Lupon sa Pananalapi ng pamahalaang bayan;

SAPAGKA'T, anuman ang gawing paglalabas ng gugulin ay nasa pananagutan ito ng Sang. Barangay ng Jasaan.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Virgilio T. Ciriaco, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat at Alan T. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 35-T'06 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 02-T'06 ng Sang. Brgy. ng Jasaan na nagdaragdag ng laang guguling nagkakahalaga ng P30,425.25 mula sa monetization ng Barangay IRA upang ilaan para sa cash gift ng Sang. Brgy. at mga katulungin (P11,000.00), gastos sa seminar (P16,383.00) at sa 10% Sang. Kabataan fund (P3,042.52) ng nabanggit na barangay.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sang. Brgy. ng Jasaan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PAGPATOTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

9/18